# 8,000 baboy, tinamaan ng ASF sa QC

May kabuuang 8,000 mga baboy ang tinamaan ng sakit na African Swine Fever (ASF) sa limang Brgy. sa Quezon City.

Ayon kay Dr. Ana Maria Cabel, hepe ng QC Veterinary office, may 3,000 alagaing baboy na nagkasakit ng ASF ang napatay na o naisailalim na sa culling at may dagdag na 5,000 may sakit na baboy ang isasailalim din sa culling.

Sinabi ni Cabel na ang mga pinatay na baboy sa pamamagitan ng injection ay mula sa Brgys. Payatas, Tatalon, Roxas, Pasong Tamo at Bagong Silangan.

Anya, agad isinasailalim sa culling ang mga may sakit na baboy na nasa 1 kilometer radius ng infected area upang maiwasang kumalat ang virus.

Patuloy anya ang pagpapairal ng tanggapan sa 1-7-10 quarantine protocol ng Department of Agriculture (DA).

Sinabi ni Cabel na biglang dumami ang bilang ng mga baboy na may sakit na wala sa kanilang record kaya't patuloy ang culling sa Brgys.Payatas at Bagong Silangan gayundin sa Brgy. Pasong Tamo.

Natapos na anya ang culling sa Roxas district at Tatalon nitong nagdaang mga araw.

Malaki naman ang hinala ni Cabel na ang pagpapakain ng kontaminadong kaning baboy ang ugat ng paglitaw ng sakit sa mga alagaing baboy.

Anya, bawal ipakain ang kaning baboy sa kanilang mga alaga dahil maaari itong pagmulan ng iba't ibang uri ng sakit.

Una nang inanunsyo ni QC Mayor Joy Belmonte na bawal sa QC ang pag-aalaga ng baboy, manok at iba pang kahalintulad na hayop na isang urbanized area.

Tutulungan anya ang mga itong magkaroon ng ibang hanapbuhay na hindi gagamitin ang land area sa mga babuyan at manukan. *(Angie dela Cruz)*